3

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa pakikipagtulungan sa Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS), ay nagsisigurong alinsunod sa Republic Act No. 8047 ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang FILCOLS, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Armelyn N. Barrera
**Tagasuri ng Nilalaman:** Ellen Grace F. Frueda
**Tagasuri ng Wika:** Joel M. Remigio
**Tagaguhit:** Braderick Cafranca Bollozos
**Tagalapat:** Joey E. Paras

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

## KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

## UNANG ARAW



### Ang Alibughang Anak

### (Lucas 15:11-32)

May isang mayaman na may dalawang anak na lalaki. Hiningi ng bunsong anak sa kaniyang ama ang parte sa kayamanan nito. Kaya naman hinati ng ama sa dalawa ang lahat ng kaniyang yaman. Pagkalipas ng ilang araw, ipinagbili ng bunso ang kaniyang kabahagi at nagpunta sa malayong lupain. Nilustay niya ang lahat ng kayamanan sa mga bisyo.

Nang maubos na ito ay nagkaroon naman ng matinding taggutom sa lupaing kaniyang pinuntahan kaya't siya'y nagsimulang maghirap. Namasukan siya sa isang tagaroon, at siya'y pinagtrabaho nito sa isang babuyan. Sa sobrang gutom ay halos kainin na niya ang pinagbalatan ng mga bungangkahoy na pinapakain sa mga baboy.

Nang makapag-isip-isip ang bunsong anak, naalala niya na sa kanilang tahanan ay maraming upahang utusan ang kaniyang ama. Ang mga iyon ay sagana sa tinapay samantalang siya ay mamamatay na dahil sa gutom. Kaya, nagpasya siyang bumalik sa kaniyang ama. Siya ay hihingi ng tawad at makikiusap na tanggapin kahit bilang utusan na lamang.

Malayo pa'y natanawan na siya ng ama at naawa ito sa sinapit ng anak. Niyakap niya ang anak at hinagkan.

Sinabi ng bunsong anak, "Ama, nagkasala ako laban sa langit at sa iyong paningin. Hindi na ako karapatdapat na tawaging anak mo."

Gayunpaman ay tinawag ng ama ang kanyang mga utusan at sinabing, "Madali! Dalhin ninyo ang pinakamainam na kasuotan at isuot ninyo sa kaniya. Magbigay kayo ng singsing para sa kaniyang kamay at panyapak para sa kaniyang mga paa. Magdala kayo ng pinatabang guya at katayin ito. Tayo ay kakain at magsaya. Ito ay sapagkat ang anak kong ito ay namatay at muling nabuhay. Siya ay nawala at natagpuan."

Pag-uwi galing sa bukirin ay narinig ng panganay na anak ang kasiyahan sa kanilang bahay. Itinanong niya sa isa nilang alipin kung anong mayroon doon. Anang alipin ay dumating na umano ang bunso niyang kapatid. Nagpapatay ng guya ang kanyang ama dahil umuwing malusog at walang sakit ang kapatid niya.

Nagalit ang panganay at ayaw niyang pumasok sa bahay. Pinuntahan siya ng kanyang ama at pinakiusapan. Ngunit sumagot siya, 'Pinaglingkuran ko kayo sa loob ng maraming taon at kailanma'y hindi ko kayo sinuway. Ngunit ni minsa'y hindi ninyo ako binigyan ng kahit isang maliit na kambing para magkasayahan kami ng aking mga kaibigan.

Tumugon ang ama at sinabing, "Anak, lagi kitang kasama at lahat ng akin ay sa iyo. Ang magsaya at magalak ay kailangan sapagkat ang kapatid mong ito ay namatay at muling nabuhay. Siya ay nawala at natagpuan.

**I. Panuto.** Tukuyin ang kasalungat ng mga salitang initiman sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga ginulong letra.

1. May isang **mayaman** na may dalawang anak na lalaki.

| **a i h m p a r** |
|---|

2. Sa sobrang **gutom** ay halos kainin na niya ang mga pinagbalatan ng mga bungangkahoy.

| **g b u o s** |
|---|

3. Ang mga iyon ay **sagana** sa tinapay samantalang siya ay mamamatay na dahil sa gutom.

| **s o p a k** |
|---|

4. Ang magsaya at **magalak** ay kailangan sapagkat ang kapatid mong ito ay namatay at muling nabuhay.

| **m a l m u b a y** |
|---|

**II. Panuto.** Ibuod ang parabulang "Ang Alibughang Anak" sa pamamagitan ng **S-G-W.** Isulat ito sa kuwaderno.

**S**

Mahahalagang pangyayari sa simulang bahagi kasama ang tauhan, tagpuan at suliranin.

**G**

Mahahalagang pangyayari sa gitnang bahagi kasama ang solusyon at kasukdulan ng kuwento.

**W**

Mahahalagang pangyayari sa wakas na bahagi ng kuwento.

## IKALAWANG ARAW

**I. Panuto.** Isulat ang karanasan gamit ang tambalang pangungusap sa paraang kabit-kabit. Salungguhitan ang mga pahayag na ginamitan ng pang-angkop. Gawin ito ayon sa iyong pangkat.

Pangkat 1-Karanasan ukol sa Sarili

Pangkat 2-Karanasan ukol sa Bansa

**Pamantayan:**

*Nilalaman-5 puntos*

- Angkop sa paksa. Gumamit ng tambalang pangungusap at pang-angkop na -na.

*Organisayon-5puntos*

- Maayos ang paglalahad. Nagamit nang wasto ang paraang kabit-kabit sa pagsulat.

**II. Panuto.** Tukuyin ang kahulugan ng mga salitang ginamitan ng pang-angkop. Isulat ang letra ng tamang sagot.

1. Maraming Pilipino ang may busilak na puso at handa silang tumulong sa kaniyang kapuwa.
   A. mabait
   B. masipag
   C. matulungin

2. Magkatulad ang kanilang mga mata, ilong at hugis ng mukha kaya parang biniyak na bunga ang magkapatid.
   A. magkaiba
   B. magkahati
   C. magkamukha

3. Mahal na mahal ng mag-asawa ang kanilang <u>bugtong na anak</u> ngunit malayo ito sa kanila.

A. bunsong anak
B. kaisa-isang anak
C. mahal na anak

4. Hindi natuwa si Olga sa <u>matalim na dila</u> na Mario kaya hindi niya makakalimutan ang mga sinabi nito.

A. malalim magsalita
B. masakit magsalita
C. matalas ang dila

5. Mahirap pakilusin ang mga kabataang may <u>matigas na katawan.</u>

A. mabigat
B. naliligaw
C. tamad

**IKATLONG ARAW**

**Parabula**



Talinhaga ng Tatlong Alipin
*Mateo 25:14-30*

May isang taong maglalakbay kaya tinawag niya ang tatlong alipin upang pamahalaan ng kaniyang ari-arian. Binigyan niya ng salapi ang bawat isa ayon sa kanilang kakayahan.

Ang unang alipin ay binigyan niya ng limanlibong salaping ginto, dalawang libong salaping ginto naman sa ikalawang alipin, at isang libong salaping ginto sa ikatlo. Pagkatapos nito ay umalis na ang kanilang panginoon. Agad na kumilos ang binigyan ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal ang salapi. Siya ay kumita ng limanlibong salaping ginto. Gayundin ang ginawa ng ikalawang alipin kaya tumubo rin ang kaniyang salapi ng dalawang libong salaping ginto. Samantala, ang tumanggap ng isang libong salaping ginto ay humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kaniyang panginoon.

Pagkaraan ng mahabang panahon ay nagbalik na ang kanilang panginoon at pinag-ulat ang bawat isa. Lumapit ang

unang alipin at sinabing, “Panginoon, tumubo po ng limang libo ang salaping ipinagkatiwala ninyo sa akin.”

Natuwa ang panginoon at sinabi sa alipin, “Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya’t pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!”

Sunod na lumapit ang ikalawang alipin at sinabi sa kanyang panginoon, “Panginoon, ito po ang iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto na tinubo nito.” Sumagot ang panginoon at sinabing, “Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya’t pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!”

Huling lumapit ang ikatlong alagad na tumanggap ng isang libong ginto at sinabing, “Alam ko pong kayo’y mahigpit at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. Natakot po ako, kaya’t ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.”

Nagalit sa kanya ang kanilang panginoon at sinabing, “Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, bakit hindi mo na lamang inilagay sa bangko ang aking salapi! Kahit paano’y may tinubo sana ito! Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala, pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. Itapon ninyo sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo’y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.”

**I. Panuto.** Isulat ang kasalungat ng mga salitang may salungguhit.

____________1. <u>Nagalit</u> sa kaniya ang kanilang panginoon at sinabing, “Masama at tamad na lingkod.”


____________2. Pagkatapos mamigay ng ipamamahalang ari-arian ay <u>umalis</u> na ang kanilang panginoon.

____________3. Ang tumanggap ng isang libong salaping ginto ay humukay sa lupa at <u>itinago</u> ang salaping ginto ng kaniyang panginoon.

____________4. Samahan mo ako sa aking <u>kagalakan</u>.

____________5. Ipinatapon sa <u>kadiliman</u> sa labas ng kaharian ang huling alipin.

**II. Panuto.** Buorin ang parabulang "Talinhaga ng Tatlong Alipin" sa pamamagitan ng Story Map. Isulat ito sa papel.



**Unang Estasyon**-Bahay ng Amo: Pamagat

**Ikalawang Estasyon**-Pamilihan: Mga Tauhan at Tagpuan

**Ikatlong Estasyon**-Bukid:Suliranin at Solusyon

**Ikaapat na Estasyon**-Puno: Wakas at Mensahe

**Tayahin Natin!**

**III. Panuto.** Punan ng angkop na pahayag ang bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| ❸ | Tatlong Natutuhan | |
| ❷ | Dalawang Nagustuhan | |
| ❶ | Isang Katanungan | |

## IKAAPAT NA ARAW

**I. Panuto.** Hanapin sa palaisipan ang sumusunod na salita. Pagkatapos, subukang pagtambalin ang mga salitang maaaring iugnay.

1. *salapi*
2. *tatlo*
3. *ginto*
4. *panahon*
5. *mahaba*
6. *alipin*

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *S* | *I* | *N* | *A* | *O* | *L* | *O* | *A* |
| *P* | *A* | *N* | *T* | *U* | *K* | *O* | *Y* |
| *P* | *A* | *N* | *A* | *H* | *O* | *N* | *I* |
| *E* | *I* | *N* | *A* | *M* | *R* | *I* | *N* |
| *G* | *E* | *S* | *A* | *L* | *A* | *P* | *I* |
| *M* | *A* | *H* | *A* | *B* | *A* | *I* | *N* |
| *A* | *K* | *T* | *U* | *L* | *A* | *L* | *G* |
| *S* | *T* | *A* | *T* | *L* | *O* | *A* | *E* |

**Tayahin Natin!**

**II. Panuto.** Buoin ang salita sa pamamagitan ng paglalagay ng wastong pang-angkop. Tukuyin ang kahulugan ng mga ito.

1. mayaman_ lupain
   Kahulugan:
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. salapi_ ginto
   Kahulugan:
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. masunurin_ bata
   Kahulugan:
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

4. makati__ paa
   Kahulugan:
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

5. nagmumura__ kamatis
   Kahulugan:
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________